

# FAQ (Mga Madalas Itinatanong) Pagsusuot ng Pantakip sa Bibig at Ilong sa Paaralan



## Ano ang telang pantakip sa bibig at ilong?

Ang isang pantakip sa bibig at ilong ay gawa sa hindi bababa sa dalawang suson ng telang masinsin ang pagkakahabi. Dapat na ito ay komportableng isuot at sapat ang laki para matakpan ang ilong, bibig, at gilid ng muka ng (mga) bata. Dapat na wala itong mga punit at butas at hinahayaan nitong madaling makahinga ang iyong anak.



## Ilang pantakip sa bibig at ilong ang dapat dalhin ng aking anak sa paaralan bawat araw?

Nirerekomenda namin na bawat mag-aaral ay magdala ng dalawang malinis na pantakip sa bibig at ilong sa paaralan bawat araw. Kung may dalawang pantakip sa bibig at ilong ang iyong anak, may magagamit siyang isa pa kung sakaling marumihan ang isa.



## Paano dapat tanggalin ng aking anak ang pantakip sa bibig at ilong?

Bago tanggalin ang pantakip sa bibig at ilong, dapat munang hugasan ng iyong anak ang kanyang mga kamay gamit ang sabon at mainit-init na tubig o gumamit ng hand sanitizer.

Puwedeng tanggalin ang pantakip sa bibig at ilong sa pamamagitan ng pagluluwag ng tali o pagtanggali ng mga lastiko mula sa mga tainga. Kung mahigiti sa isang beses sa buong maghapon isusuot ang pantakip sa bibig at ilong, puwede itong hawakan sa mga lastiko o panali at ilagay sa bag o lalagyan para magamit pa. Kung kailangan itong labhan, puwede itong ilagay sa plastic bag o lalagyan na may nakasulat para sa layunin nito para maiwi ito sa bahay at malabhan.



## Paano ko dapat ingatan ang mga pantakip ng bibig at ilong ng aking anak?

Kapag nabasa ang pantakip sa bibig at ilong, dapat na itong tanggalin at itago sa bag na may nakasulat na gamit na at marumi. Dapat labhan ang mga pantakip sa bibig at ilong araw-araw sa isang mainit at may sabong tubig at hayaan itong matuyo bago muling isuot.

Hindi dapat nakabitin sa leeg o tainga ng iyong anak ang pantakip sa bibig at ilong. Hindi rin ito dapat isuot sa bandang baba ng ilong o sa baba.

Puwede mong paalalahanan ang iyong anak na huwag niyang ipapahiram ang kanyang pantakip sa bibig at ilong at huwag hawakan habang suot ito. Kapag hindi suot ang pantakip sa bibig at ilong sa paaralan, dapat itong ilagay sa isang plastik na bag o lalagyan.



## Paano dapat isuot ng aking anak ang pantakip sa bibig at ilong?

Bago isuot ang pantakip sa bibig at ilong, dapat munang hugasan ng iyong anak ang kanyang mga kamay gamit ang sabon at mainit-init na tubig o gumamit ng hand sanitizer.

Dapat na lubusang nakabukas ang pantakip sa bibig at ilong at pagkatapos ay ilalagay sa tapat ng ilong, bibig, at baba at ikabit ito gamit ang mga panali o lastikong nakapaikot sa tainga. Kung may pansuporta sa ilong, puwede ito iipit sa ilong para mas hakab para walang espasyo sa pagitan ng mukha at ng pantakip sa bibig at ilong.

Setyembre 16, 2020



## Paano dapat itago ng aking anak ang mga pantakip sa bibig at ilong kapag hindi ito ginagamit?

Puwedeng itago sa mga plastik na bag o lalagyan ang mga pantakip sa bibig at ilong, sa loob ng backpack ng iyong anak. Puwedeng itago ang gamit na o maruming pantakip sa bibig at ilong sa isang hiwalay na plastik na bag o lalagyan. Puwede mong lagyan ng pangalan ang bag o lalagyan para alam ng iyong anak kung saan ilalagay ang gamit nang mga pantakip sa bibig at ilong na kailangang labhan. Magandang ideya na isulat ang pangalan ng iyong anak sa mga pantakip sa bibig at ilong para hindi ito aksidenteng magamit ng iba mong mga anak.